

Giya ng Magulang sa  
**Espesyal na  
Edukasyon**

## MENSAHE PARA SA MGA MAGULANG

*“Ang bawa’t isa ay tinawag sa pangalan”*

(Isaiah 43:1)

Ang Misyong ng Sangguniang Pampaaralang Katoliko ng Distrito ng Dufferin-Peel, sa pakikipagtulungan ng Pamilya at Simbahan, ay ang magkaloob, sa responsableng pamamaraan, ng isang Edukasyong Katoliko na nagpapaunlad sa ispiritwal, karunungan, estetiko, emosyonal, pakikisalamuha, at mga kakayahang pampisikal, ng bawa’t indibidwal upang mabuhay ng husto ngayon at harapin ang mga paghamon sa kinabukasan, na siyang nagpapasigla ng komunidad.

Ang Sangguniang Pampaaralang Katoliko ng Distrito ng Dufferin-Peel ay naniniwala sa dignidad ng lahat ng mga mag-aaral bilang Mga Anak ng Diyos at mga mamamayan ng isang demokratikong lipunan. Bilang responsableng mga miyembro ng ating Kristiyanong komunidad, kami ay nakatuon sa pagkaloob ng mga programa para sa bawa’t indibidwal na mga bata na makayanan nilang makamit ang kanilang mga potensyal bilang mga mag-aaral.

Sa pagpapanatili ng mag-aaral sa sentro, ang pagsasanay ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Suporta ay nagmumula sa paaralang pantahanan ng komunidad. Ang pagsasanay na ito ay nagtataguyod sa pagkakabilang, nagsasaayos para sa malalapitan at pinarangalan ang pagkakaiba.

Ang mga paaralang Katoliko ng Dufferin-Peel ay nagkaloob ng isang espektro ng mga programa at mga serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga mag-aaral kabilang ang mga kinilalang bukod-tangi kung saan ‘ang bawa’t isa ay tinawag sa pangalan’ (Isaiah 43:1). Ang paaralang pantahanan ay maaaring magkaloob ng pangkalahatang impormasyon at partikular na impormasyon ng mag-aaral tungkol sa mga programa at mga serbisyo na nakalaan sa loob ng Dufferin-Peel.

Ang giyang ito ay nagbabalangkas ng mga karapatan at mga responsibilidad ng mga mag-aaral, at/o mga magulang/mga tagapag-alaga at/o ng Sanggunian para sa pagkilanlan at paglalagyan ng bukod-tangi na mga mag-aaral na alinsunod sa Batas para sa Edukasyon ng Ontario (Ontario Education Act). Ang mga magulang ay hinihikayat na makisangkot sa lahat ng mga bahagi ng prosesong ito.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa at mga serbisyo sa Sangguniang Pampaaralang Katoliko ng Distrito ng Dufferin-Peel, pakitingnan ang Report para sa Espesyal na Edukasyon sa website ng Sanggunian sa [www.dpcdsb.org](http://www.dpcdsb.org).

**TANDAAN: KUNG GAGAMIT NG GIYANG ITO, ANG SALITANG “MAGULANG” (“PARENT”) AY KABILANG ANG TAGAPAG-ALAGA (GUARDIAN).**

## ANO ANG BUKOD-TANGI NA MAG-AARAL?

Ang “bukod-tangi” (“exceptional”) na mag-aaral ay isang mag-aaral na mayroong bukod-tangi na mga pangangailangan at nangangailangan ng espesyal na pag-programa. Mayroong iba’t-ibang mga Kategoriya at mga Pakahulugan ng mga Pagkabukod-tangi na kaloob ng Ministri ng Edukasyon (Ministry of Education) na nakapaskil sa website ng Sanggunian ng Espesyal na Edukasyon at Mga Serbisyong Suporta (Special Education and Support Services) sa [www.dpcdsb.org](http://www.dpcdsb.org). Maaaring makakuha ng kopya mula sa paaralan.

## ANO ANG PROGRAMA NG ESPESYAL NA EDUKASYON?

Ang programa ng espesyal na edukasyon, ayon sa Batas ng Edukasyon (Education Act), ay isang programang edukasyonal na nakabatay sa mga resulta ng patuloy na pagtatasa at pagsusuri at kabilang ang isang plano [tinawag na Planong Edukasyon Pang-indibidwal (Individual Education Plan)] na naglalaman ng isang nakabalangkas na mga serbisyong pang-edukasyonal at partikular na mga layunin upang matugunan ang mga pangangailangan ng bukod-tangi na mag-aaral. Ang naturingang pag-programa ay maaaring ipagkaloob sa loob ng isang regular na klase, na hindi direkta, tulong para sa malalapitan at/o pag-urong, o sa isang klase para sa espesyal na edukasyon.

Sa antas ng Sanggunian at/o sa Pamilya ng mga Paaralan, ang mga mag-aaral na bukod-tangi ay mayroong iba’t-ibang mga programa at mga serbisyong nakalaan.

## ANONG MGA SERBISYO NG ESPESYAL NA EDUKASYON ANG NAKALAN SA PAARALAN?

Ang mga serbisyo ng Espesyal na Edukasyon ay itinuring sa Batas ng Edukasyon bilang mga pasilidad at mga mapagkukunang tulong, kabilang ang suporta ng mga empleyado at kagamitan, mga kailangan para sa pagpapaunlad ng isang programa ng espesyal na edukasyon.

Ang mga Serbisyong Suporta ay ipinagkakaloob mula sa Sanggunian kabilang ang Sikolohiya, Panlipunang Paglilingkod, at mga kawani ng Patolohiya para sa Pagsasalita-Wika.

Sa antas ng paaralan, ang mga Serbisyong Suporta ay maaaring kabilang ang mga Guro para sa Mapagkukunang Tulong sa Espesyal na Edukasyon, mga Guro para sa Mapagkukunang Tulong sa Akademiko, mga Manggagawa para sa Mapagkukunang Tulong sa Edukasyonal at/o mga Manggagawa para sa Bata at Kabataan.

Ang lahat ng nasa itaas na espesyal na edukasyon at ang empleyado ng serbisyong suporta sa itaas ay maaaring magkasamang magsagawa upang makatulong sa pagpapaunlad ng nararapat na mga programa at mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Kung kakailanganin, ang mga serbisyo ay nakalaan mula sa mga Gurong Itinerant para sa Mapagkukunang Tulong ng Espesyal na Edukasyon para sa mga mag-aaral na mayroong kapinsalaan sa pandinig, kapinsalaan sa paningin, awtismo, pag-uugali, pisikal/mga pangangailangang medikal at/o para sa mga mag-aaral na nasa transisyon.

### SINO ANG NAGDEDESIYON KUNG ANG ISANG MAG-AARAL AY ISANG BUKOD-TANGI?

Ang desisyon ng Sanggunian na ang isang mag-aaral ay isang bukod-tangi ay nagmumula sa hinirang ng Sanggunian na Komite para sa Pagkakakilanlan, Paglalagyan at Pagrerepaso. Ang Komite ay higit na kilala bilang IPRC.

### ANO ANG IPRC?

Ang Regulasyong 181/98 ng Batas ng Edukasyon (Education Act) ay nangangailangan na ang lahat ng sangguniang paaralan ay magsaayos ng IPRC. Ang IPRC ay kinabibilangan ng high't-kumulang na tatlong tao, ang isa sa mga ito ay kailangan isang Punong-guro o Opisyal na Superbisor ng Sanggunian. Ang ibang mga miyembro ay maaaring kabilangan ng isang nagpapayong sikolog, isang nagpapayong saykayatriza, isang Pangalawang Punong-guro o guro.

Ang IPRC ay magsasagawa ng: Pagkilanlan, Paglalagyan, at Pagrerepaso

**Ang I** ay nagdedesisyon kung ang inyong anak ay nararapat na kilalanin bilang bukod-tangi; kilalanin ang mga bahagi ng pagiging bukod-tangi ng inyong anak, ayon sa mga Kategoriya at mga Pakahulugan ng mga pagkabukod-tangi na ipinagkaloob ng Ministri ng Edukasyon (Ministry of Education)

**Ang P** ay nagdedesisyon ng nararapat na paglalagyan para sa inyong anak

**Ang R** ay nagrerepaso ng pagkakakilanlan at paglalagyan ng kahit isa sa bawa't taon ng pag-aaral.

### ANO ANG MANGYAYARI BAGO IREKOMENDA ANG ISANG MAG-AARAL SA ISANG IPRC?

Ang paaralan ay kikilalanin ang mga espesyal na mga pangangailangan ng mag-aaral at magkaloob ng suporta sa guro upang sikapin na matutunan ang programa ng regular na silid-aralan upang makamit ang mga pangangailangang pang-indibidwal ng mag-aaral. Kung sa mga natutunan na ito, ang mag-aaral ay hindi umuunlad batay sa kaniyang abilidad at paglalagyan sa grado, marami pang mahahalagang mga akomodasyon at/o mga modipikasyon ang maaaring kailanganin ng may suporta mula sa mga kawani. Ang Planong Edukasyon Pang-indibidwal [Individual Education Plan (IEP)] ay maaaring buuin bilang bahagi ng prosesong ito.

## **ANO ANG PLANONG EDUKASYON PANG-INDIBIDWAL [INDIVIDUAL EDUCATION PLAN (IEP)]?**

Ang IEP ay isang nakasulat na plano na nagsasaad ng mga kalakasan at mga pangangailangan ng isang mag-aaral at mga programa ng espesyal na edukasyon at mga serbisyo na itinatag upang tugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral. Ang IEP ay lumilikha ng mga oportunidad para sa mga magulang, mga guro at iba pang kasangkot sa mag-aaral upang magkasamang magsagawa upang kilalanin ang mga pangangailangan sa pag-aaral ng indibidwal at upang magbuo ng partikular na mga estratehiya at/o mga matututunan na siyang tutugon sa mga pangangailangang ito.

Kabilang sa IEP ang:

- partikular na mga inaasahan pang-edukasyonal
- isang balangkas ng programa ng espesyal na edukasyon at mga serbisyo na ipagkakaloob
- isang pahayag tungkol sa mga pamamaraan kung saan ang progreso ng isang bata ay rerepasuhin
- para sa mga mag-aaral na may edad na 14 taon at mas matanda pa (maliban sa mga napagkilanlan na ibinatay sa pagiging gifted), ang isang plano para sa transisyon ng mga gawain pagkatapos ng sekondaryo, katulad ng trabaho, karagdagang edukasyon, at/o pamumuhay pangkomunidad

Ang Punong-guro ay kukonsulta sa mga magulang at ang mag-aaral (kung siya ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa) at tatanggapin ang mga rekomendasyon ng IPRC o Tribunal ng Espesyal na Edukasyon bilang konsiderasyon sa pagpapaunlad ng IEP.

Ang Regulasyong 181/98 ay humihiling na dapat paunlarin ang IEP para sa lahat ng bukod-tanging mga mag-aaral sa mga sangguniang pampaaralan sa loob ng 30 araw ng pag-aaral matapos mailagay ang isang mag-aaral sa isang programa. Ang Punong-guro ay sisiguraduhin na ang plano ay makukumpleto at ang isang kopya ng ipadadala sa magulang ng mag-aaral at/o, kung ang mag-aaral ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa, sa mag-aaral.

## **PAANO HINIHLING ANG ISANG PAGTITIPON NG IPRC?**

Kung ang Punong-guro at ang pangkat ng paaralan ay naniwala na ang isang mag-aaral ay maaaring makakuha ng benepisyo mula sa isang programa ng espesyal na edukasyon o kung ang isang magulang ay humiling sa pamamagitan ng sulat ng isang pagtitipon ng IPRC, ang Punong-guro ay irerekomenda ang mag-aaral sa IPRC upang magdesisyon kung ang mag-aaral ay nararapat na kilalanin bilang isang bukod-tangi na mag-aaral at, kung gayun man, aalamin ang nararapat na paglalagyan para sa mag-aaral.

Sa loob ng 15 na araw ng pagtanggap sa isang kahilingan ng isang magulang, o pagbibigay ng abiso sa isang IPRC, ang Punong-guro ay magkakaloob sa magulang ng isang kopya nitong “Giya ng mga Magulang sa Espesyal na Edukasyon” (“Parents’ Guide to Special Education”), kabilang ang isang nakasulat na pahayag na nakaestima kung kailan inaasahan ng Punong-guro ang IPRC na matutugunan ang pagkilala sa nakasulat na kahilingan ng magulang (kung mayroon mang isang isinumete).

## **ANO ANG AKINGGAGAMPANAN BILANG ISANG MAGULANG SA IPRC?**

Ikaw ay iimbitahan upang dumalo sa isang IPRC upang makisali sa talakayan at magkontribusyon ng impormasyon. Ang mga mag-aaral na nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa ay maaari ring makisali sa IPRC. Ang isang kaibigan, kamag-anak, o taong inyong pinili ay maaari ring dumalo sa pagtitipon upang suportahan kayo o ang inyong anak na magsalita sa kapakanan ninyo o ng inyong anak at dadalo kung naisagawa na ang desisyon.

### **SINO PA ANG MAAARING DUMALO SA IPRC?**

Alin man sa inyo o ng Punong-guro ng paaralan ng inyong anak ay maaaring humiling ng pagdalo ng iba pang dumalo sa pagtitipon ng IPRC.

### **ANONG MGA IMPORMASYON ANG MATATANGGAP NG MGA MAGULANG TUNGKOL SA PAGTITIPON NG IPRC?**

Kahit man lang 10 araw bago sumapit ang petsa ng pagtitipon, kayo ay pagkakalooban ng nakasulat na abiso ng pagtitipon at iimbitahang dumalo. Ipaalam sa inyo ng liham na ito ang petsa, oras, at lugar ng pagtitipon, at hihilingin sa inyo na ipaalam kung kayo, ang magulang, at kung ang mag-aaral ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa, ay dadalo.

Ikaw at/o ang mag-aaral, kung ang mag-aaral ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa, ay tatanggap ng isang nakasulat na kopya ng anumang impormasyon tungkol sa inyong anak na tinanggap ng puno ng IPRC. Ito ay hindi para sa impormasyong binanggit at ibinahagi sa pagtitipon.

### **ANONG MGA PAMAMARAAN ANG SINUSUNOD NG IPRC?**

Ang mga desisyon ng IPRC ay isinagawa pagkatapos na ikonsidera ang mga sumusunod:

- ang isang pagtatasa pang-edukasyonal ng mag-aaral;
- ang isang pagtatasa pang-kalusugan sa pamamagitan ng isang kwalipikadong propesyonal sa medikal kung kailangan, na may sulat ng pahintulot ng magulang;
- isang pagtatasa pang-sikolohiko na may sulat ng pahintulot ng magulang;
- isang nararapat na pakikipanayam sa mag-aaral na may pahintulot ng magulang kung ang mag-aaral ay bata pa sa edad na 16 taong gulang;
- isang pakikipanayam sa magulang maliban na lamang kung ipinawalang-bisa ng magulang ang karapatan;
- anumang mga impormasyon ang maaaring isumite ng magulang tungkol sa mag-aaral o isinumite ng mag-aaral kung siya ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa;
- anumang mga impormasyon na isinumite sa IPRC na ikinukonsiderang may kaugnayan.

### **ANO ANG MAAARING IKONSIDERA NG IPRC SA PAGSASAGAWA NG DESISYON PARA SA PAGLALAGYAN?**

Dapat ikonsidera ng IPRC kung ang paglalagyan sa isang regular na klase na mayroong karapat-dapat na mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ay matutugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral at gayun din ang pagkakapareho na mga kagustuhan para sa magulang. Kung pagkatapos ng konsiderasyon na ito at nalaman ng komite na ito ay nararapat, ang komite ang magdedesisyon na ilagay ang mag-aaral sa isang regular na klase na mayroong karapat-dapat na mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Kabilang dito ang pagbuo ng IEP sa regular na klase. Kung desisyonan ng komite na hindi dapat ilagay ang mag-aaral sa isang klase ng espesyal na edukasyon, ang isang IEP ay bubuuin upang suportahan ang mag-aaral sa programa.

### ANO ANG KABILANG SA NAKASULAT NA PAHAYAG NG DESISYON NG IPRC?

Ang nakasulat na pahayag ng desisyon ng Komite para sa Pagkakakilanlan, Paglalagyan, at Pagrerepaso ay kinabibilangan ng:

- kung napag-alaman ng IPRC ang pagiging bukod-tangi ng mag-aaral;
- kung paanong napag-alaman ng IPRC ang pagiging bukod-tangi ng mag-aaral;
  - a) Napag-alaman ang mga Kategoriya at mga Pakahulugan ng anumang mga pagkabukod-tangi, na siyang tinuringan ng Ministri ng Edukasyon;
  - b) isang deskripsyon ng mga kalakasan at mga pangangailangan ng mag-aaral;
  - c) ang desisyon sa paglalagyan;
  - d) mga rekomendasyon tungkol sa mga programa ng espesyal na edukasyon at mga serbisyo ng espesyal na edukasyon;
- kung paano nadesisyonan ng IPRC na ang mag-aaral ay dapat ilagay sa isang klase ng espesyal na edukasyon, ang mga dahilan sa mga desisyong ito.
- Ang Puno ng IPRC ay magpapadala ng isang nakasulat na pahayag ng desisyon sa:
  - a) isang magulang ng mag-aaral;
  - b) ang mag-aaral, kung ang mag-aaral ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa;
  - c) ang Punong-guro (kung siya ang nagsagawa ng rekomendasyon);
  - d) ang Direktor ng Edukasyon ng Sanggunian.

### ANO ANG AKING GAGAWIN KUNG HINDI AKO SUMANG-AYON SA DESISYON NG IPRC?

Ang isang magulang na tatanggap ng isang desisyon ay maaaring humiling ng pagtitipon kasama ng IPRC sa pamamagitan ng sulat sa Punong-guro, sa loob ng 15 araw ng pagkakatanggap ng nakasulat na desisyon.

Tandaan: Kung ang isang mag-aaral ay lumisan sa isang demonstrasyon na paaralan at ang mag-aaral ay inirekomenda sa IPRC para sa isang desisyon tungkol sa paglalagyan ng mag-aaral, ang isang magulang na tumanggap ng isang desisyon at nais na makipanayam sa IPRC ay maaaring humiling sa panulat, sa pamamagitan ng Punong-guro, sa Direktor ng Edukasyon, sa loob ng 15 araw ng pagkakatanggap ng desisyon.

Sa lalong madaling panahon bago sumapit ang isang pagtitipon kasama ng IPRC, ang Puno ng Komite ay magpapadala ng isang nakasulat na abiso sa bawa't tao na nakasaad sa itaas, na nagsasaad kung mayroon mang mga pagbabago sa mga desisyong naisagawa. Kung may pagbabagong naisagawa, ang Puno ay magpapadala ng isang binagong pahayag ng desisyon, kasama ng nakasulat ng mga dahilan.

Kung kayo ay hindi nasiyahan sa inyong pangalawang pagtitipon kasama ng IPRC, mayroong mga pamamaraan ng pag-apila na ipinaliliwanag sa Giyang ito.

### ANG TRANSPORTASYON BA AY IPAGKAKALOOB?

Kung saan ang mag-aaral ay kinilalang bukod-tangi at inilagay sa lugar sa labas ng isang paaralang pantahanan, o isang may kapansanang pisikal, ang Sanggunian ay magkaloob ng transportasyon.

### ANO ANG MGA PAGREREPASO NG IPRC?

- Ang isang pagtitipon para sa pagrerepaso ng IPRC ay isasagawa sa baba't taon ng pag-aaral.
- Ang Punong-guro ng paaralan kung saan ipinagkakaloob ang programa ng espesyal na edukasyon sa mag-aaral ay maaaring irekomenda ang mag-aaral sa IPRC para sa pagrerepaso ng IEP o paglalagyan na may sulat na abiso sa magulang, nakasulat na kahilingan ng magulang o nakasulat na kahilingan ng Direktor ng Edukasyon ng Sanggunian.
- Ang Direktor ng Edukasyon ay hindi magsasagawa ng ganitong kahilingan kung:
  - a) ang pagtitipon ng IPRC ay isinagawa na sa taon ng pag-aaral; o,
  - b) Kung ang isang magulang ay nagkakaloob sa Punong-guro ng paaralan kung saan isinasagawa ang programa ng espesyal na edukasyon ng may nakasulat na abiso, ng binalewalang taunang pagrerepaso.
- Ang isang magulang ay maaaring humiling ng isang pagtitipon para sa pagrerepaso ng IPRC sa anumang oras pagkatapos manggaling ng mag-aaral sa isang programa ng espesyal na edukasyon ng tatlong buwan.
  - a) Ang isang magulang ay hindi maaaring magsagawa ng higit sa isang kahilingang sa tuwing ikatlong buwang peryod.
  - b) Sa loob ng 15 araw ng pagbibigay ng abiso ng Punong-guro o sa oras na makatanggap ng isang kahilingan, ang Punong-guro ay magkakaloob ng isang nakasulat na pahayag na nakaestimang oras kung kailan mangyayari ang pagtitipon para sa pagrerepaso.
- Ang pagrerepaso ng IPRC ay ikinukonsidera ang parehong orihinal na impormasyon at anumang bagong mga idinagdag na impormasyong nakalaan.
- Ang IPRC ay rerepasuhin ang paglalagyan at aalamin ang mga desisyon dapat isagawa at magdedesisyon kung ang mga ito ay ipagpapatuloy o kung nararapat na magsagawa ng ibang desisyon.
- Ang IPRC ay magkakaloob ng kanilang nakasulat na desisyon sa:
  - a) isang magulang ng mag-aaral,
  - b) ang mag-aaral, kung ang mag-aaral ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa;
  - c) ang Punong-guro na nagsagawa ng rekomendasyon, kung ang rekomendasyon ay isinagawa ng Punong-guro;
  - d) o ng Direktor ng Edukasyon ng Sanggunian.



## ANO ANG AKING GAGAWIN KUNG HINDI AKO SUMANG-AYON SA ISANG DESISYON NG IPRC?

Ang mga magulang ay palaging hinihikayat na talakayin ang mga alalahanin sa Punong-guro ng paaralan. Mayroong karapatan ang mga magulang na hilingin na i-hold ng IPRC ang pangalawang pagtitipon upang talakayin ang kanilang mga alalahanin. Ang isang magulang ay maaaring humiling sa IPRC sa pamamagitan ng sulat, ipadadala sa loob ng 15 araw ng pagkakatanggap ng desisyon ng IPRC, sa Punong-guro ng paaralan kung saan isinasagawa ang programa ng espesyal na edukasyon sa mag-aaral.

Sa lalong madaling panahon bago sumapit ang pagtitipon para sa pagrerepaso ng IPRC, ang Puno ng Komite ay magpapadala ng isang nakasulat na abiso sa bawa't tao na nakasaad sa itaas, na nagsasaad kung mayroon mang pagbabago na naisagawa bilang resulta sa pagtitipon. Kung may pagbabagong naisagawa, ang Puno ay magpapadala rin ng isang binagong desisyon, kasama ng mga dahilan na nakasulat.

Ang Sanggunian ay magsasagawa ng pagbabago sa paglalagyan bilang resulta ng isinagawang desisyon ng IPRC kung ang:

- a) Isang magulang ng mag-aaral ay nagbibigay pahintulot sa panulat sa paglalagyan, o
- b) Isang abiso ng apila ay hindi nai-file sa loob ng tamang panahon (na ipinaliliwanag sa ibaba).

## MAAARI BA AKONG UMAPILA SA ISANG DESISYON NG IPRC?

Oo. Kayo ay maaaring umapila sa desisyon ng IPRC sa mga kadahilanan na hindi kayo sang-ayon sa:

- a) pagkakilanlan ng inyong anak bilang isang bukod-tangi na mag-aaral; o
- b) sa desisyon ng IPRC na ang inyong anak ay hindi bukod-tangi na mag-aaral; o
- c) sa paglalagyan sa espesyal na edukasyon sa inyong anak bilang isang bukod-tangi na mag-aaral.

## PAANO AKO MAKAPAGSASAGAWA NG APILA?

Ang bawat pagsubok na magagawa upang lutasin ang inyong alalahanin sa pangawalang pagtitipon ng Komite, na siyang higit na may lakas na baguhin ang pagkakilanlan at/o paglalagyan.

Kung, gayun paman, ikaw ay hindi nasiyahan mula sa inyong pagtitipon kasama ng Komite kailangan ninyong mag-file ng isang abiso ng apila. Ang abiso ng apila ay kailangang ipadala, sa panulat, sa Direktor ng Edukasyon sa loob ng 15 araw ng pagkakatanggap ng desisyon mula sa pangalawang pagtitipon o sa loob ng 30 araw ng pagkakatanggap ng nakasulat na desisyon.

Kung kayo ay hindi nasiyahan sa desisyon ng pagrerepaso ng IPRC, ang inyong abiso ng apila ay kailangang ipadala, sa panulat, sa Direktor ng Edukasyon sa loob ng 15 araw ng pagkakatanggap ng desisyon mula sa pangalawang pagtitipon o sa loob ng 30 araw ng pagkakatanggap ng nakasulat na desisyon.

Ang inyong abiso ng apila ay kailangang banggitin ang desisyon na hindi ninyo sinang-ayunan at ang inyong mga dahilan sa hindi pagsang-ayon.

## ANO ANG MANGYAYARI SA PROSESO NG APILA?

Ang proseso ng apila ay kinabibilangan ng sumusunod na mga hakbang:

- Ang Sanggunian ay magtatalaga ng isang sanggunian ng apila ng espesyal na edukasyon upang dinggin ang inyong apila. Ang sanggunian ng apila ay kabibilangan ng tatlong tao (ang isa ay kayo ang pipili, bilang magulang) isang tao na walang nalalaman sa mga bagay tungkol sa apila.
- Ang puno ng sanggunian ng apila ay magsasaayos ng isang pagtitipon upang maisagawa sa isang kombinyenteng panahon at lugar, ngunit hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos na mapili siya (maliban na lamang kung nagkaloob ng nakasulat na pahintulot ang mga magulang at ang sanggunian para sa panghuling petsa).
- Ang sanggunian ng apila ay tatanggap ng materyal na nirepaso ng IPRC at iimbitahan ang sinumang tao na maaaring dumalo at mag-kontribusyon ng impormasyon sa mga bagay tungkol sa apila.
- Kayo, ang mga magulang, at ang mag-aaral, kung siya ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa, ay nararapat na dumalo at, upang makisali sa proseso ng apila.

## ANO ANG GINAGAMPANAN NG SANGGUNIAN NG APILA?

Ang sanggunian ng apila ay kailangang magsagawa ng isang rekomendasyon sa loob ng 3 araw ng pagtatapos ng pagtitipon. Ito ay maaaring:

- sumang-ayon sa IPRC at magrekomenda na isakatuparan ang desisyon
- hindi sumang-ayon sa IPRC at magsagawa ng rekomendasyon sa sanggunian tungkol sa pagkakilanlan, paglalagyan, o pareho nito para sa inyong anak.

Ang sanggunian ng apila ay ire-report ang mga rekomendasyon nito sa panulat, sa inyo, ang mag-aaral kung siya ay nasa edad na 16 taong gulang o matanda pa, sa Puno ng Komite, Direktor ng Edukasyon, at ang Punong-guro ng paaralan kung saan inilagay ang mag-aaral, na nagsasaad ng mga dahilan ng mga rekomendasyon nito.

Sa loob ng 30 araw ng pagkakatanggap ng nakasulat na pahayag ng sanggunian ng apila, ang sangguniang pampaaralan ay magdedesisyon kung anong aksyon ang isasagawa batay sa mga rekomendasyon (ang mga Sanggunian ay hindi kailangang sundin ang mga rekomendasyon ng sanggunian ng apila.)

Maaari ninyong tanggapin ang desisyon ng sangguniang pampaaralan, o maaarin kayong umapila sa Tribunal ng Espesyal na Edukasyon (Special Education Tribunal). Maaari kayong humiling ng isang pagdinig sa pamamagitan ng sulat sa kalihim ng Tribunal ng Espesyal na Edukasyon. Ang impormasyon tungkol sa paghahanda ng aplikasyon sa tribunal ay kasama sa desisyon ng sanggunian ng apila.

### **ANONG MGA ORGANISASYON ANG NAKALAAN UPANG MAKATULONG SA MGA MAGULANG?**

Maraming mga organisasyon ang nagkakaloob ng tulong sa mga magulang ng bukod-tangi na mga mag-aaral. Ang impormasyong ito ay maaaring makuha mula sa website ng Sanggunian ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Suporta (Board Special Education and Support Services) sa: [www.dpcdsb.org](http://www.dpcdsb.org) o sa pamamagitan ng Superintendente ng Espesyal na Edukasyon at Mga Serbisyong Suporta/itinalaga (Superintendent of Special Education and Support Services/designate).

### **KOMITE NG PAGPAPAYO PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON**

Ang mga sanggunian ay hinihiling na magkaroon ng isang Komite ng Pagpapayo para sa Espesyal na Edukasyon [Special Education Advisory Committee (SEAC)]. Ang isang talaan ng lahat ng lokal na mga samahan ng Sanggunian ay matatagpuan sa: [www.dpcdsb.org](http://www.dpcdsb.org).

### **ANG MGA PROGRAMA AT MGA SERBISYO NG ESPESYAL NA EDUKASYON**

Ang karagdagang mga impormasyon tungkol sa mga programa at mga serbisyo ng espesyal na edukasyon na ipinagkakaloob ng Sanggunian ay matatagpuan sa Report ng Sanggunian sa Espesyal na Edukasyon (Board Special Education Report) sa: [www.dpcdsb.org](http://www.dpcdsb.org)

### **ANO ANG PANLALAWIGAN AT DEMONSTRASYONG MGA PAARALAN NG MINISTRI?**

May mga bilang ng panlalawigan at demonstrasyong mga paaralan sa buong Ontario. Kabilang sa mga paaralan na ito ay ang paglalagyan sa residensyal para sa bukod-tangi na mga mag-aaral na mayroong malubhang mga kapansanan katulad ng bingi, bulag, bingi-bulag, malubhang kapansanan sa pagkakatuto gayun din ang attention deficit hyperactivity disorder (ADHD).

Ang isang talaan ng mga pangalan, mga lokasyon at mga numero ng telepono ng panlalawigan at demonstrasyong mga paaralan sa Ontario ay maaaring matagpuan sa website ng Sanggunian ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Suporta (Board Special Education and Support Services) sa <http://tinyurl.com/EDU-Prov-Dem-Schools>.

## MGA MALALAPITAN

---

**PAARALAN**

---

**PUNONG-GURO**

---

**TELEPONO**

---

**GURO**

---

**TELEPONO**

---

**GURO PARA SA MAPAGKUKUNANG TULONG  
SA ESPESYAL NA EDUKASYON**

---

**TELEPONO**

---

**MIYEMBRO NG MGA KAWANI NG SIKOLOHIYA**

---

**TELEPONO**

---

**PATOLOGIST PARA SA PAGSASALITA/WIKA**

---

**TELEPONO**

---

**PANLIPUNANG TAGAPAGLINGKOD**

---

**TELEPONO**

---

**NAKAESTIMANG PETA SA KUNG KAILAN  
MAGTITIPON ANG IPRC**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMPAARALANG  
KATOLIKO NG DISTRITO NG DUFFERIN-PEEL**  
Sentro ng Edukasyong Katoliko  
40 Matheson Blvd. West  
Mississauga, Ontario, L5R 1C5

Superintendente ng Programa (905) 890-1221

Superintendente ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Suporta (905) 890-1221

Website ng Espesyal na Edukasyon ng Sangguniang Pampaaralang Katoliko ng Distrito ng Dufferin-Peel  
<http://www.dpcdsb.org/CEC/Programs/Special+Education/>

Mga samahan na may mga kumakatawan sa Komite ng Pagpapayo para sa Espesyal na Edukasyon [Special Education Advisory Committee (SEAC)]  
<http://www.dpcdsb.org/CEC/Programs/Special+Education/SpecialEducationDP/SEAC/Membership.htm>

*Ang giyang ito alinsunod sa Regulasyon 181/98  
Ito ay nakalaan sa malaking paglilimbag, Braille at kaayusan ng awdyo kaset kung hihilingin.*

*ng Ontario. GF 155  
Rev. 2013*